PO2002-72
PR2002-90

75th Regular Session
ORDINANSA BLG. SP-1309, S-2003

ISANG ORDINANSANG NAGBABAWAL SA LAHAT NG ANYO NG DISKRIMINASYON LABAN SA MGA HOMOSEKSWAL SA ANUMANG TANGGAPAN NG LUNGSOD NG QUEZON, MAGING SA PAMAHALAAN NITO O SA PRIBADONG SEKTOR, AT NAGPAPATAW NG KAUKULANG PARUSA SA PAGLABAG NITO.

Inihain ng mga Sumusunod na Konsehal JANET M. MALAYA, RESTITUTO B. MALAÑGEN, RAMON P. MEDALLA, ERIC Z. MEDINA, JORGE L. BANAL, DIORELLA MARIA SOTTO-DE LEON at JESUS MANUEL C. SUNTAY.

KUNG SAAN, ang mga homosekswal ay matagal nang nagdaranas ng hindi makatarungang pagtrato at mga nakapipinsalang gawi at patakaran, lalo na sa usapin ng trabaho;

KUNG SAAN, napapanahon na at nararapat lamang na ang pamahalaang lungsod ay gumawa ng mga hakbangin upang pawiin ang lahat ng anyo ng diskriminasyon laban sa anumang sektor ng lipunan na namumuhay sa kalagayang hindi nila pinili;

KUNG SAAN, ang pamahalaang lungsod ay dapat na pagkalooban ang mga homosekswal ng pantay at mabisang proteksyon ayon sa Katipunan ng mga Karapatan na nakadambana sa ating Saligang Batas.

NGAYON, SAMAKATUWID,

ITINATAKDA NG KONSEHO NG LUNGSOD NG QUEZON SA PAGPUPULONG NITO:

SEKSYON 1. Lahat ng anyo ng diskriminasyon laban sa mga homosekswal na may kaugnayan sa pagbibigay ng trabaho, promosyon o pagtatanggal sa trabaho sa anumang tanggapan sa Lungsod ng Quezon, maging sa pamahalaan man o pribadong sektor, ay kinikilala bilang paglabag sa batas.

Salin sa Filipino ng edisyong Inggles, na siyang opisyal na teksto.

Mayo 2012.

Hindi maaaring gamitin, isalin, o kopyahin sa anumang porma o anyo ang anumang bahagi ng babasahing ito kung walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglimbag.

galang
Building Community Strength.
Fueling Community Growth.

SEKSYON 2. Anumang paglabag sa probisyon ng ordinansang ito ay pananagutin ang kinaukulang pinunong kawani, o opisyal ng tauhan at papatawan ng multa na hindi hihigit sa Limang Libong Piso (P5,000.00), o pagkakakulong nang hindi hihigit sa anim (6) na buwan, o kapwa parusa na pagpapataw ng multa at pagkakakulong ayon sa pagpapasya ng korte.

SEKSYON 3. Ang Ordinansang ito ay magkakabisa matapos pagtibayin.

PINAGTIBAY: Setyembre 2, 2003

HERBERT M. BAUTISTA
Pangalawang Alkalde
Pinunong Tagapatnubay

PINATUNAYAN:

EUGENIO Y. JURILLA
Kalihim ng Konseho ng Lungsod

APRUBADO: Oktubre 9, 2003

FELICIANO R. BELMONTE, JR.
Alkalde

K A T U N A Y A N

Ito ay nagpapatunay na ang Ordinansang ito ay PINAGTIBAY sa Ikalawang Pagbasa noong Setyembre 2, 2003, at IPINASA sa Ikatlong Pagbasa ng Konseho ng Lungsod noong Setyembre 16, 2003.

EUGENIO Y. JURILLA
Kalihim ng Konseho ng Lungsod

Salin sa Filipino ng edisyong Inggles, na siyang opisyal na teksto.

Mayo 2012.

Hindi maaaring gamitin, isalin, o kopyahin sa anumang porma o anyo ang anumang bahagi ng babasahing ito kung walang nakasulat na pahintulot mula sa tagapaglimbag.

galang
Building Community Strength.
Fueling Community Growth.